Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-20 NG SETYEMBRE, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**
**WALA**

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 21-09-283

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO SA MGA NAULILA NI GINANG ALMA S. DANIEL, ISANG RETIRADONG KAWANI NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Miyerkules, ika – 15 ng Setyembre, 2021 ang nagtakdang huling sandali ni Ginang Alma S. Daniel nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya at mga kaibigan;

"**SAPAGKAT,** batid sa lahat ang kanyang magiting na pagmamahal at suporta sa kanyang pamilya, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay nagkaroon ng malubhang karamdaman at tuluyang binawian ng buhay sa edad na 66 taong gulang;

"**SAPAGKAT,** si Madam Baby, kung siya ay kilalang tawagin ng karamihan ay nagsimulang magtrabaho sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao noong Enero 2, 1987 bilang Senior Clerk ng Tanggapan ng Ingat - Yaman at mahigit isang taon lamang ang nakalipas siya ay naging Bookkeeper at kalauna'y naging Accountant I, at dahil sa kanyang pinamalas na husay at dedikasyon sa trabaho ay tumaas ang kanyang katungkulan sa nasabing tanggapan bilang *Local Treasury Operation Officer II* (LTOO II) noong Hunyo 1, 1994, at doon ay nanatili at nagpatuloy siyang nanilbihan ng mahabang panahon at tuluyang nagretiro sa edad na 62 taong gulang noong Hunyo 30, 2017;

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** sa loob ng mahigit tatlong dekadang paglilingkod ni Madam Baby sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay naitanim at iniwan niya sa bawat isa ang alaala ng mabuti, positibo at masipag na pagseserbisyo lalo't higit sa Tanggapan ng Ingat -Yaman;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginang Alma S. Daniel sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginang Alma S. Daniel,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Setyembre 20, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Oct 5, 2021

230921/PLP/jpc/admm

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner